

Mga hamon sa distance learning sa pagtuturo-pagkatuto ng Filipino

Madre, Raef John D. ✉

Celestino G. Tabuena Memorial National High School, Philippines (raef966@gmail.com)

Marbella, Felisa D.

Sorsogon State University, Philippines (felymarbella03@gmail.com)



ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

Received: 30 March 2021

Revised: 15 May 2021

Accepted: 30 May 2021

Available Online: 12 July 2021

DOI: 10.5861/ijrse.2021.682

Abstract

Face-to-face classes were stopped due to COVID-19 pandemic. The DepEd launched different distance learning modalities to ensure the continuation of teaching-learning process and also it was the department responds to the situation brought by the pandemic. This research was to assess the used of modular distance learning and online distance learning in the subject Filipino 10. The two distance learning modalities were assessed based on the learning experience of the students, difference from learning using modular distance learning compared to online distance learning, and challenges faced in using distance learning. Based on the results, students using modular distance learning had lower performance rating compared to students using online distance learning, students using online distance learning had a better learning experience, challenges in teaching occurred in both distance learning. Some of the challenges found in modular distance learning were too many activities to answer, unclear instructions, and other challenges. In online distance learning some of the challenges faced by the teacher and student were poor internet connection, lack of budget for internet, and other challenges. Based on the results, these challenges affect the teaching-learning process specially the students. A supplementary instructional material was created, it contained enrichment activities, summarized and clear discussion of topics in Filipino 10 for the students. This was created by the researchers based on the result of the study. The researchers recommended to continuously improve the quality of education in distance learning in the country by using learning resources and learning materials that have quality.

Keywords: distance learning, modular at online distance learning, hamon, pagtuturo-pagkatuto

Mga hamon sa distance learning sa pagtuturo-pagkatuto ng Filipino

1. Introduction

Ang pag-aaral ay isang napakahalagang bahagi ng buhay ng tao (Lucas, 2012). Ito ang nagbibigay ng karunungan at kaalaman sa isang tao na magagamit niya upang tuparin ang kanyang hangarin. Ayon nga kay Edelman “ang edukasyon ay para sa pag-unlad ng tao at ng komunidad.” Kaya’t tinuturing nga na ang edukasyon ang susi sa tagumpay hindi lang ng tao kundi ng komunidad. Kaya patuloy na sinisikap ng pamahalaan na mabigyan ng mahusay na edukasyon ang mamayan. Ayon nga sa 1987 Konstitusyon (Art. 14 Sek. 1) dapat pangalagaan at itaguyod ng Estado ang karapatan ng lahat ng mga mamamayan sa mahusay na edukasyon sa lahat ng antas at dapat magsagawa ng angkop na mga hakbang upang matamo ng lahat ng gayong edukasyon. Ang estado ay dapat magtatag, magpanatili, at magtustos ng isang kumpleto, sapat, at pinag-isang sistema ng edukasyon na angkop sa mga pangangailangan ng sambayanan at lipunan (1987 Konstitusyon Art. 14 Sek. 2).

Ito ay sinuportahan pa ng mga nilikhang batas upang makapagbigay ng mahusay na edukasyon sa mga mamamayan. Tulad ng Batas Republika Blg. 9155 na tinawag na Batas Pamamahala sa Batayang Edukasyon ng 2001. Isa sa layunin nito ay gawing pinakamahalagang lunsaran ang mga paaralan at mga sentro ng pagkatuto para sa pagtuturo at pagkatuto. Sinundan din ng R.A. 10533 na nagpalawak ng basic education mula sa 10 taon ay naging 12 taon o mas nakilala na K-12 curriculum. Ito ay ginawa upang mas mapahusay ang edukasyon ng bansa. Sa taong 2019 ay nagkaroon ng pandemya na naging dahilan ng paglabas ng Pangulo ng Proklamasyon blg. 922. Isa sa nilalaman nito ang hindi pagpapahintulot sa pagsagawa ng face-to-face na klase. Ito ay ayon din sa Omnibus Guidelines on Community Quarantine with Amendments na inilabas ng IATF. Ngunit, ayon naman kay DepEd Secretary Briones (2020), ang pag-aaral ay hindi dapat makompromiso.

Ang pagbibigay ng mahusay na edukasyon ay ipinagpatuloy sa kabila ng pandemya sa pamamagitan ng Learning Continuity Plan o LCP. Ito ang solusyon ng DepEd upang ipagpatuloy ang paghatid ng edukasyon sa mga mag-aaral. Ang LCP ay binatay sa DepEd Order No. 012 (2020). Ang Learning Continuity Plan o LCP ng DepEd ay ginagabayan ng mga prinsipyo na; una, protektahan ang kalusugan ng mag-aaral, guro, at ibang mga kawani, at iwasan ang patuloy na pagkalat ng COVID-19. Pangalawa, ipagpatuloy ang pagkatuto sa pamamagitan na ginawa na pagbabago sa K-12 Curriculum, pagsasaayos ng mga kagamitang pampagkatuto, pagsagawa ng iba’t ibang learning delivery modalities, pagbibigay ng training sa mga guro at namamahala sa paaralan, at pagsagawa ng oryentasyon sa mga magulang at mag-aaral. Pangatlo, pagtiyak sa kaligtasan ng mga guro, mga kawani at mag-aaral sa muling pagpapatuloy ng pag-aaral na sumusunod sa derektiba ng DOH at IATF (DepEd LCP, 2020).

Malinaw na ang distance learning ang magiging susi upang ipagpatuloy ang pagkatuto ng mga mag-aaral ayon sa Learning Continuity Plan ng DepEd. Mayroong iba’t ibang uri ng distance learning. Ang mga ginamit na uri ay modular-printed, modular-digital, online, blended at iba pang distance learning. Kaakibat din nito ay naglunsad ng radio-broadcast instruction at tv-broadcast instruction bilang supplementaryong pagtuturo (DepEd LCP, 2020). Ayon sa Learner Enrollment and Survey Tagging Facility o LESF na binuo ng DepEd. Ang gusto ng magulang na uri ng distance learning ay ang modular 8.8 milyon magulang ang nagsabi gusto nila ito. Sinundan ng blended 3.9 milyon, Online 3.8 milyon, educational Tv 1.4 milyon at radio-based 900 libo (DepEd, 2020). Makikita sa datos na modular ang pinakagustong gamitin ng magulang sa mga uri ng learning modalities (DepEd, 2020).

Ang modular distance learning ay paggamit ng modyul na maaaring nakalimbag o digital na kopya ang ibibigay sa mag-aaral (DepEd LCP, 2020). Hindi kailangan ng mag-aaral ng internet o gadget (DepEd Undersecretary Malaluan, 2020). Ang modyul na ginamit ay isang uri ng self-learning module. Ang online

distance learning ay kailangan nang maayos na internet connection, gadgets at iba pa. May apat na uri naman ang online distance learning ito ay ang synchronous, asynchronous, hybrid, at modified hybrid (Almario at Austria, 2020). Ang synchronous learning ay ginaganap na aktwal o live ang pagtuturo-pagkatuto. Habang ang asynchronous learning ay hindi real-time interaction. Maaari ding ipagsama ang synchronous at asynchronous learning ito ay tinatawag na hybrid. Ang modified hybrid naman ay magkakaroon ng mga online task na kailangan gawin hindi din kailangan ang online class o face-to-face online discussion ngunit maaaring gumawa kung kinakailangan lamang (Almario at Austria, 2020).

Ang pagbabago ng sistema ng edukasyon o paggamit ng distance learning ay posibleng makaapekto sa karanasan ng pagkatuto ng mag-aaral. Bagama't ginagamit na ito ng DepEd para sa ALS at open high school program. Ngunit, ang karamihan sa mag-aaral at guro ay bago ang distance learning. Ang pagtuturo gamit ang iba't ibang pamamaraan ay may epekto sa pagkatuto ng mag-aaral (Naseri, 2014). Kung ating susuriin, may mga suliranin ang pagpapalit mula sa face-to-face papunta sa distance learning. Ang distance learning tulad ng ODL ay may mga suliraning pagdating sa internet, gadgets, at iba pa. Ganoon din sa MDL mayroon ding suliranin, halimbawa nito ay ang ALS na gumagamit ng MDL. Ayon sa World Bank Education na ang mababang partisipasyon (enrollee) at passing rates sa ALS ay indikasyon na ang programa ay hindi masyadong epektibo.

Ang DepEd - Dibisyon ng Sorsogon ay gumamit ng MDL at ODL sa taong panuruan 2020–2021. Maliban dito mayroon ding ibang supplementaryong gawain ang Dibisyon tulad ng radio-based instruction at iba pa. Karamihan sa pampublikong paaralan sa Dibisyon ng Sorsogon ay modular distance learning ang ginamit. Habang may ilan na gumamit ng online distance learning na pampubliko at pribadong paaralan. Ang supplementaryong programa tulad ng paggamit ng pagpapayamang gawain ay napakahalaga sa distance learning. Sa MDL o ODL ay hindi direktang nagagabayan ng guro ang mag-aaral. Mahalaga na magkaroon ng iba pang pagkukunan ng impormasyon, at magkaroon ng simpleng gawain ngunit nakakamit ang layunin ng aralin. Ang pagpapayamang gawain ay hindi na kailangan ng mag-aaral ng iba pang libro, tv, internet o iba pa para magawa o masagutan ang gawain.

Sa pakikipanayam ng mananaliksik sa mga mag-aaral sa Filipino 10 na nahihirapan talaga sila sa distance learning, online o modular man. Ilan ay hindi makasabay sa talakayan dahil sa kawalan ng magtuturo sa kanila. Ang ilan ay nadadamihan at nahihirapan sa mga gawain sa pag-aaral. Sa naging obserbasyon ng mananaliksik bilang isang guro, ang modular distance learning at online distance learning ay mayroon mga suliranin. Magdudulot din ang ODL at MDL ng epekto sa karanasan sa pagtuturo-pagkatuto ng guro/mag-aaral. Ang mga kadahilanang ito ang nag-udyok sa mananaliksik upang pag-aralan ang mga hamon sa distance learning sa pagkatuto-pagtuturo ng Filipino.

1.1 Paglalahad ng Suliranin

Layunin ng pag-aaral na ito na malaman ang 1) mga karanasan ng mag-aaral sa baitang 10 gamit ang: a) Online Distance Learning (ODL) at b) Modular Distance Learning (MDL), 2) Ang pagkakaiba ng MDL at ODL sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa Filipino, 3) Ang mga suliraning kinakaharap sa paggamit ng online distance learning (ODL) at modular distance learning (MDL) at 4) mungkahing gawain na maaaring gawin batay sa resulta ng pag-aaral.

1.2 Pamamaraang Ginamit

Sa isinagawang pag-aaral, magkahalong kuwantitatibo at kuwalitatibo ang uri ng pananaliksik na ginamit sa pagbibigay interpretasyon sa mga datos at deskriptib-analisis naman na disenyo sa pagsusuri ng mga kinakailangang datos sa pananaliksik. Ang mga kalahok sa pag-aaral na ito ay binubuo ng 13 na guro na nagtuturo ng asignaturang Filipino sa Junior High School at 88 na mag-aaral mula 2 na paaralan na mayroong magkaibang distance learning na ginagamit sa lungsod ng Sorsogon. Gumamit ang mananaliksik ng mga pamamaraang estatistika, t-test at kinuha rin ang mean, sa pagsusuri ng mga tala mula sa quiz, lagumang

pagsusulit, performans ng mga mag-aaral. Gumamit din ng pagraranggo sa pagsusuri ng mga hamon na hinarap ng guro sa pagsagawa ng mdl at odl. Nagsagawa rin ng sarbey at panayam sa mga guro na nagtuturo ng Filipino, gumawa din ng panayam sa ilang mag-aaral. Ang mga datos na nalikom ay sinuri at binigyang interpretasyon.

2. Mga Natuklasan

2.1 *Karanasan ng mag-aaral sa baitang 10 gamit ang Online Distance Learning (ODL) at Modular Distance Learning (MDL).*

Sinukat ang karanasan ng pagkatuto ng mag-aaral gamit ang mga tala ng kanilang quiz, performans at lagumang pagsusulit sa unang markahan sa Filipino 10. Kinuha ng mananaliksik ang performans lebel upang mas maunawaan ang karanasan ng mag-aaral. Nasagawa ng impormal na interbyu sa ilang mag-aaral at guro para sa ibang datos. Ang mga mag-aaral mula sa Sorsogon NHS ay nagtamo ng 89.19 na performans rating. Ito ay nakakuha ng “Very Satisfactory” na performans lebel. Ang mga mag-aaral mula sa Sorsogon NHS ay gumamit ng ODL sa Filipino 10. Ang online distance learning ay maganda talagang gamitin ayon sa isang guro na nagtuturo gamit ang ODL. Ayon naman sa isang pang nakapanayam na guro napakaganda ng pamamaraan ito lalo na kung malakas ang internet connection dahil nagkakaroon ng malayang talakayan ang klase ngunit may mga ilang mag-aaral na mahina ang internet connection. Ang online distance learning ay mas nagiging epektibo ang pagtuturo dahil maaaring palawakin ang kagamitang pampagtuturo ng guro (Gautam, 2020).

Napansin naman ng guro na gumagamit ng ODL sa Filipino 10 na habang tumatagal ay nababawasan ang interes ng mga mag-aaral. Batay sa pag-aaral ni Abramenka (2015), tungkol sa motibasyon ng mga mag-aaral at mga hadlang sa online education, na may tatlong pinakahadlang sa pagkatuto ng mag-aaral sa online. Ito ay Kolaborasyon, Interaksyon sa online class at kagustuhan ng mag-aaral na matuto at magpresenta ng kanilang ginawa o academic work para makita ng ibang mag-aaral at mataya. Masasabing ang kawalan ng interes ng mag-aaral na matuto ay nakakaapekto sa karanasan ng mag-aaral na matuto. Ang mga mag-aaral mula sa Celestino G. Tabuena MNHS ay nakakuha ng 87.03 na performans rating. Nakakuwa ito ng “Very Satisfactory” na performans lebel. Ang mga mag-aaral mula sa Celestino GTNHS ay gumamit ng MDL sa Filipino 10. Pinagbatayan ng interpretasyon ng performans lebel ay ang DepEd Order No. 8, s. 2015 o Policy Guidelines on Classroom Assessment for the K to 12 Basic Education Program.

Batay sa karanasan ng ilang mga mag-aaral na nakapanayam ng mananaliksik. May mga ilang bahagi ang modyul sa Filipino 10 na mahirap sagutan. Minsan pa mayroong gawain na kailangan ng internet connection upang masagutan. Ito ay sinang-ayunan din ng guro sa Filipino 10 na may ilang mga mag-aaral na walang sagot ang modyul at marami ang gawaing nakapaloob sa mga modyul sa unang kwarter. Batay sa pagsuri ng mananaliksik sa modyul sa unang kwarter ng Filipino 10, makikita sa modyul 4 na kailangan nilang manood ng mito na cartoon gamit ang youtube. Batay sa learner enrollment and survey form na ibinigay bago magsimula ang pasukan karamihan sa mag-aaral mula sa Celestino GTNMNHS ay pinili ang modular-printed dahil nga sa kawalan ng gadgets, internet connection, o mahinang signal pang internet dahil na rin sa lokasyon ng kanilang bahay.

2.2 *Pagkakaiba ng Online Distance Learning sa Modular Distance Learning sa Pagkatuto ng mga Mag-aaral sa Filipino.*

Makikita sa Talahanayan 2 ang mahalagang pagkakaiba ng ODL at MDL sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Ginamit ang performans rating ng mag-aaral upang maanalisa ang pagkakaiba. Makikita sa talahanayan na mayroong mahalagang pagkakaiba sa pagkatuto ang mga mag-aaral na gumagamit ng ODL at ang mga mag-aaral na gumagamit ng MDL. Nais ipakahulugan na mas mataas ang naging performans rating ng mga mag-aaral sa ODL kaysa sa mga mag-aaral na gumamait ng MDL. Batay sa panayam sa ilang mga mag-aaral na gumagamit ng MDL sa Filipino 10, mahihinuha na may ilang nahirapan talaga sa pagsagot ng modyul. Hindi

lahat ng paksa sa modyul madaling unawain, batay sa ilang mga mag-aaral sa MDL. Dagdag din ng iba pang mag-aaral, na sana ay dagdagan pa ang mga halimbawa at mga konsepto sa talakayan. Ilan sa mag-aaral ay marami ang gawain sa bahay at ang iba pa ay nagtatrabaho kaya't kinukulang ang oras para sagutan ang modyul. Batay din sa mga mag-aaral sa MDL ilan sa kanila ang nagsabing na walang silang katulong sa pagsagot ng modyul.

Talahanayan 2

Pagkakaiba ng ODL at MDL sa Pagkatuto ng mga Mag-aaral sa Filipino

Statistical Bases	Statistical Analyses
Level of Significance	0.05
Degree of freedom	86
Critical $t_{0.05}$ value	± 1.99
Computed $t_{0.05}$ value	± 3.53
Decision on H_0	Reject
Conclusion	Significant

Sa ginawang pag-aaral ni Dangle at Sumaong (2020) na tungkol sa implementasyon ng modular distance learning sa Pilipinas sa sekundaryang pampublikong paaralan, may pagkakahalintulad ang mga suliraning natuklasan. Ayon sa resulta ng kanilang pag-aaral, ang pinakasuliranin ng mag-aaral sa MDL ay self-studying, mahinang internet koneksyon, kulang sa tulog, kulang sa oras sa pagsagot ng modyul dahil sa daming ng gawain, mga distraksyon, at kawalan ng pokus. Ito ay nagpapakita na hindi lang mga mag-aaral ng Celestino GTMNHS ang nahaharap sa suliraning ito kundi ang karamihang mag-aaral na gumagamit ng MDL batay sa pag-aaral din Dangle at Sumaong.

Ang mga dahilang ito ang isa sa mga salik kung bakit mas naging mataas ang performans rating ng mag-aaral na gumagamit ng ODL kaysa MDL. Ayon kay Stauffer (2020), ang ODL synchronous ay mas interaktibo, may pagkakataon na makapagtanong ang mga mag-aaral sa kanilang guro o mga kaklase. Nagkakaroon ng malayang talakayan sa ODL at mas nauunawaan ang mga aralin kompara sa MDL na magbabasa lang ang mag-aaral ng modyul. Ang guro na nagtuturo gamit ang ODL ay nakakagamit ng iba't ibang estratehiya sa pagtuturo na batay sa kakayahan ng mag-aaral kompara sa MDL. Ang mga ito ay malinaw na nagpapakita ng pagkakaiba sa pagkatuto ng mga mag-aaral na gumagamit ng ODL kompara sa gumagamit ng MDL para sa asignaturang Filipino 10.

2.3 Mga Suliraning Kinakaharap sa Paggamit ng Online Delivery Learning (ODL) at Modular Distance learning (MDL).

Makikita sa Talahanayan 3A ang mga suliraning kinakaharap ng mga mag-aaral sa paggamit ng online distance Learning (ODL). Nirango ang mga madalas na suliraning sa paggamit ng ODL. Makikita sa talahanayan 3A, ang dalawang pinakasuliranin sa paggamit ng ODL. Ang mahinang internet connection ng guro/ ilang mag-aaral. Pinakasuliranin din nila ang walang kaukulang budget para sa load/ wifi. Isang daang bahagdan (100%) ng mga kalahok na guro ang nagsabi na itong dalawa ang pangunahing problema sa pagsagawa ng ODL. Ang mahinang internet ay talagang makakaapekto sa pagtuturo. Hindi mauunawaan ng mag-aaral nang maayos ang mga sinasabi ng guro. Ito ay magdudulot sa mga mag-aaral ng pagkalito.

Ayon kay DepEd Undersecretary Sevilla (2020), hindi masosolusyunan ng DepEd ang problema sa mabagal na internet dahil hindi nila ito kontrolado. Sa halip, kailangang maghanap ng alternatibong solusyon tulad ng blended learning. Dagdag pa niya ang problema sa mabagal na internet ay hindi lang sa bansa bagkus sa buong mundo. Dahil sa kawalana o kulang na budget para sa internet hindi nakapag-avail ang mga guro ng mas mabilis at stable na internet connection. Ayon kay Education Undersecretary Sevilla (2021), na nangangalap pa ng budget para sa internet at papaaprubahan pa ito. Hindi rin naibigay pa ang 350 – 500 pesos na budget para sa internet connection (Sevilla, 2021).

Talahanayan 3A

Suliraning kinakaharap sa paggamit ng online distance learning (ODL)

Suliranin	f	Rank
1. Mahinang Internet Connection ng guro/ ilang mag-aaral.	8	1.5
2. Madalas / Pagkakaroon ng Power Interruption.	7	4
3. Walang kaukulang budget para sa load/ wifi.	8	1.5
4. Walang maayos na camera at audio ang guro/ ilang mag-aaral.	4	7.5
5. Matagal na pag-set-up ng online class.	5	6
6. Walang maayos na lugar para mag-aral/magsagawa ng online class (hal. maingay na kapitbahay).	4	7.5
7. Mahinang klase ng gadget pang online class na maaaring magdulot ng interruption (hal. Pag-hang ng gadget).	7	4
8. Pagkakaroon ng masamang panahon na nagdulot ng mahina o walang internet/signal at pagkakaroon ng matagal na power interruption.	7	4
9. Pagkakaroon ng <i>system glitch</i> sa application o website na ginagamit para sa online class.	3	9.5
10. Mababa o kulang ang kaalamang natatamo ng mag-aaral.	3	9.5

Ang sumunod na mga suliraning ang madalas na kanilang maranasan. Ito ay ang mga; (a) madalas na pagkakaroon ng power interruption, (b) mahinang klase ng gadget pang online class na maaaring magdulot ng interruption (hal. pag-hang ng gadget), (c) pagkakaroon ng masamang panahon na nagdulot ng mahina o walang internet/signal at pagkakaroon ng matagal na power interruption. Walungpu't walo bahagdan (88%) ng mga kalahok na guro ang nagsabing ito ay kanilang suliranin. Ayon kay Friedman (2020), teknikal na mga problema ay hindi maiiwasan pagdating sa online class. Posibleng makaapekto sa pagkatuto ng mag-aaral ang problemang teknikal dahil maaaring hindi niya marinig ang importanteng bahagi ng talakayan (Ryan, 2020). Ito ay sinang-ayunan ng ilang mag-aaral na gumagamit ng ODL na nakapanayam na hindi maiiwasan ang teknikal na problema, tulad ng pagkawala ng video, audio, o kaya signal. Ang problema ng ana ito ay nakakaapekto sa kanilang pag-aaral.

Ang mga sumusunod ay ang ilan pang suliranin na kinaharap ng mga guro sa pagtuturo sa ODL. Aninmapu't tatlong bahagdan (63%) ang nagsabing matagal na pag-set-up ng online class. Limampung bahagdan (50%) ang nagsabing walang maayos na camera at audio ang guro at ilang mag-aaral, 50% ang nagsabing walang ding maayos na lugar para mag-aral / magsagawa ng online class. 38% ang nagsabing suliranin ang pagkakaroon ng system glitch sa application o website na ginagamit para sa online class. 38% din ang nagsabing mababa o kulang ang kaalamang natatamo ng mag-aaral. Batay sa panayam sa isang guro na nagtuturo ng ODL sa SNHS may isa pang suliranin. Ito ay pagtuturo sa dalawang magkaibang modality. Hindi tuloy naibibigay ang buong pokus SA paghahanda para sa klase sa ODL, dahil kailangan pa nila paghandaan din ang kanilang mag-aaral na gumagamit ng MDL.

Pagdating sa ODL talagang maraming suliranin ang kakaharapin. Hindi ito maiiwasan, lalo na bago pa lamang sa ODL ang pampublikong paaralan sa bansa. Ayon nga kay DepEd Undersecretary Sevilla (2020), ang learning delivery modality ay malaking pagbabago kompara sa face-to-face na ating kinasanayan. Dagdag pa niya, kung sakali man na magkaroon ng mga suliranin habang ginagawa ang klase ay alam na ng magulang, guro, at mag-aaral ang gagawin dahil meron naman silang weekly learning plan. Ang mga nabanggit na suliraning ito ay nakaambag sa karansan ng guro at mag-aaral sa pagtuturo-pagkatuto ng Filipino. Makikita sa talahanayan 4B ang mga suliraning kinakaharap ng mga mag-aaral sa paggamit ng modular distance learning (MDL). Mayroong siyam na kadalasang problema na ikinahaharap sa pagagamit ng MDL. Ang mga suliranin sa paggamit ng MDL ay nirango.

Ang mga sumusunod na suliranin ang pinakamadalas na naranasan ng guro sa pagsagawa ng modular distance learning. Una, nahihirapan ang mga mag-aaral na unawain ang panuto ng mga gawain. Pangalawa maraming kailangan sagutan o gawaing nakapaloob sa modyul. Sumunod mababa o kulang ang kaalamang natatamo ng mag-aaral. Isang daang bahagdan (100%) ng mga kalahok na guro ang sumang-ayon sa mga suliraning ito.

Talahanayan 3B*Suliraning kinakaharap sa paggamit ng modular distance learning (MDL)*

Suliranin	F	Rank
1. Malabo at hindi maayos na pagkalimbag ng modyul.	2	7.5
2. Kulang ang bilang ng modyul para sa mag-aaral.	4	4.5
3. Madaling masira ang mga modyul.	1	9
4. Nahihirapan ang mga mag-aaral na unawain ang panuto ng mga gawain.	5	2
5. Hindi angkop sa kakayahan ng mag-aaral ang mga gawain sa modyul.	4	4.5
6. Maraming kailangan sagutan o gawaing nakapaloob sa modyul.	5	2
7. Kulang ang oras para sagutan ang modyul.	2	7.5
8. Mayroong mga typographical errors na nagiging dahilan ng pagkalito ng mag-aaral sa pagsagot.	3	6
9. Mababa o kulang ang kaalamang natatamo ng mag-aaral.	5	2

Batay sa ilang guro na nakapanayam na gumagamit ng MDL sa pagtuturo. Marami ang sasagutan, may ilang panuto na mhirap unawain, at mahirap para sa ilang mag-aaral ang gawain. Dagdag pa ng nakapanayam na guro, ito ay nagresulta sa ilang gawain na walang sagot o kaya naman mayroong sagot ngunit iilan lamang ang wasto sagot. Naniniwala si Kofahi et al. (2004), malaking suliranin ang kawalan ng interaksyon ng guro sa kanyang mag-aaral na posibleng magdulot ng kakulangan sa mga natututunan ng mag-aaral. Kahit gumagamit sila ng self-learning module. Mahalaga pa rin ang komunikasyon o interaksyon sa pagitan ng guro at mag-aaral upang matulungan lalo na ang mga mag-aaral na walang gumagabay sa pagsagot ng modyul.

Nahihirapan talaga ang mag-aaral sa modyul lalo na kung walang gagabay sa pagsagot ayon sa isang guro na nagtuturo gamit ang MDL. Ayon pa rin sa guro, karamihan sa mag-aaral ay nasasagutan pa rin nang maayos ang modyul. Mas makakabuti na bawasan ang gawain na hindi naman kailangan sa modyul, pasimplehin ang modyul at magkaroon ng home visitation kung maaari (Dangle at Sumaong, 2020). Ito naman ang sumunod na madalas na suliraning kinakaharap sa pagtuturo ng MDL. Ang kulang na bilang ng modyul para sa mag-aaral. Ang hindi rin angkop sa kakayahan ng mag-aaral ang mga gawain sa modyul. Walumpung bahagdan (80%) ng mga kalahok na guro ang kinaharap ang suliraning ito.

Dahil nga bago pa lamang sa MDL ay nagkaroon pa rin ng suliranin sa bilang ng modyul. Batay sa gurong nakapanayam sa MDL, may pagkakataon na kulang ang modyul dahil sila lamang ang nagprint ng modyul sa unang kwarter. Ito ay nagresulta sa pagkahuli ng ilang mag-aaral sa pagsagot ng modyul. Isang uri lamang ng modyul ang ginamit sa mga mag-aaral. Dahil dito may ilang mag-aaral na hindi angkop sa kanilang kakayahan ang mga gawain sa modyul. Ito ay nakaapekto sa karanasan sa pagkatuto ng mag-aaral. Ang ibang mag-aaral ay nahirapan habang ang iba ay naging madali ang pagsagot ng modyul. Batay sa ilang guro na may mga ilang mag-aaral na nagbago ang performans. May ilang mag-aaral na dati ay mataas ang erformans rating noong face-to-face ay naging mababa noong gumamit ng MDL. Habang ang ibang mag-aaral na mayroong mababang performans rating noong face-to-face ay nakakuha ng mataas na performans rating sa MDL. Ito ay sinang-ayunan ng ni Naseri (2014), na ang pagtuturo gamit ang iba't ibang pamamaraan ay may epekto sa pagkatuto ng mag-aaral.

Isa din sa suliraning kinaharap sa pagsasagawa ng MDL. Problema rin ang pagkakaroon ng mga typographical errors sa modyul. Animnapung bahagdan (60%) ng mga kalahok na guro ang nagsabing isa ito sa kanilang suliranin. Batay sa mga guro nakapanayam sa mayroong typographical error ang ilang modyul. Batay rin sa pakikipanayam ng mananaliksik sa ilang mag-aaral na mayroon ngang mga typographical error at ang ilang modyul ay may problema sa pagkaprint. Malabo o kaya naputol ang ilang bahagi sa pagkaprint. Humingi naman ng paumahin si DepEd Undersecretary San Antonio (2020) dahil sa mga pagkakamaling ito.

Sa pag-aaral ni Dangle at Sumaong (2020) tungkol sa implementasyon ng MDL. Natuklasan na may mga ilang bahagi ng modyul na mayroong ding mali ngunit binigyan naman ng permiso ang mga guro upang ayusin ito. Ito ay nakakaapekto sa pagkatuto ng mag-aaral, lalo na walang gagabay sa kanaya. Maaari niyang matutunan ang maling ispelling ng isang salita lalo na ang asignatura ay Filipino.

Ang mga sumusunod na suliranin ay bihira lamang maranasan ng guro. Apatnapu't apat ang nagsabing (40%) malabo at hindi maayos ang pagkalimbag ng mga modyul. Ganun din ang bilang na nagsabing kulang din ang oras para sagutan ang modyul. Mayroong dalawangpung bahagdan (20%) nagsabing madaling masira ang mga modyul na ginamit sa modular distance learning.

Ito'y ilang suliranin bihira lamang maranasan ng guro. Ayon sa kay DepEd Undersecretary San Antonio (2020) na hindi na dumaaan sa quality assurance ng DepEd central ang ilang modyul dahil sa kakulangan ng oras. Ayon pa rin sa kanya, inatasan na nila ang DepEd Region na bumuo ng kanilang sariling modyul at ipasa na lamang ang kopya nito sa DepEd Central.

2.4 Mungkahing Gawain na maaaring gawin batay sa resulta ng pag-aaral.

Ang mungkahing gawain ay isang supplementaryong kagamitan pampagtuturo na binuo ng mananaliksik. Ito ay may pamagat na Pagpapayamang Gawain sa Filipino 10: Gabay ng Mag-aaral sa Distance Learning. Ito ay naglalaman ng mga pagpapayamang gawain sa Filipino 10 kwarter 1. Ang nilalaman at mga pagsasanay sa pagpapayamang gawain ay mas pinasimple at pinaiksi lamang. Ito ay nilikha upang magamit ng mag-aaral para mas maunawaan ang paksa. Maaari itong gamitin sa anumang uri ng distance learning. Hindi rin kailangan ng internet upang maisagawa ang mga gawain nakapaloob dito. Mas madaling masasagutan ang mga pagpapayamang gawain dahil konti lamang ito at simple ngunit nakakamit ang layunin na nakasaad sa MELC. Inaasahan na makakatulong ang mga pagpapayamang gawain na mas mapataas ang performans ng mga mag-aaral sa Filipino 10.

3. Konklusyon at Rekomendasyon

Batay sa natuklasan, nabuo ang sumusunod na konklusyon: Mas maganda ang karanasan ng mag-aaral na gumamit ng ODL kompara sa mag-aaral na gumamit ng MDL. Pareho naman itong nakakuha ng performance rating na nasa lebel ng very satisfactory. May mahalagang pagkakaiba ang performans ng lebel ng mag-aaral sa ilalim ng ODL kompara sa performans lebel ng mag-aaral sa ilalim ng MDL. Iba't ibang suliraning ang kinakaharap sa paggamit ng Online Delivery Learning (ODL) at Modular Learning Delivery (MDL). Maaaring maimungkahi ang awtput na "Pagpapayamang Gawain sa Filipino 10: Gabay ng Mag-aaral sa Distance Learning."

Inirerekomenda batay sa mga natuklasan at kongklusyon na pataasin ang kalidad ng distance learning ay posibleng gamitin hindi lang ngayong taong panuruan at panahon ng pandemya kundi sa mga susunod pang taon dahil sa pagbago na rin ng sistema ng edukasyon sa bansa. Magagawa ito sa pagbibigay ng mga learning resources at learning materials na may kalidad. Halimbawa nito ay mga modyul na binuo at sinuri ng mga eksperto at pagbibigay ng mga pangangailangan ng guro tulad ng mabilis at stable na internet connection. Ito ay makakatulong upang makapagbigay ang guro ng mahusay na karanasan na pagtuturo-pagkatuto sa mga mag-aaral gamit ang anumang uri ng distance learning. Sikapin na mapataas ang karanasan ng pagkatuto ng mag-aaral na gumamit ng MDL. Magsagawa ng mga intervention upang mas mapataas ang kaalaman na nakakuwa ng mag-aaral na gumagamit ng modular distance learning. Magsagawa ng home visitation dahil dito mas nauunawaan bakit nahihirapan ang mag-aaral sa pagsagot ng modyul. Malalaman at makikita ng guro ang sitwasyon ng mag-aaral, tulad ng malalaman kung may nakakagabay ba sa mag-aaral sa pag-aaral gamit ang modyul at kung mayroon bang maayos na lugar upang isagawa ang pag-aaral at pagsagot ng modyul. Paigtingin pa ng DepEd ang pagbibigay solusyon sa mga suliraning kinakaharap ng bawat paaralan. Maglaan ng sapat na pundo para isagawa ang mga distance learning. Tulad sa ODL, maglaan ng sapat na pondo para sa gastusin sa internet na gagamitin ng mga guro na magtuturo gamit ang online distance learning. Ganun din sa MDL, laanan ng panahon at pondo ang paglikha ng mga modyul upang maibigay sa wastong oras ang mga kinakailangan kagamitang pampagtuturo tulad nga ng modyul. Paigtingin ang paggamit ng online distance learning sa mga paaralan dahil mas ligtas gamitin kaysa sa pagsagawa ng modular distance learning lalo na sa panahon ng pandemya. Nabibigyan ng dagdag kaalaman ang mag-aaral at guro na gamitin ang teknolohiya sa

pagtuturo-pagkatuto sa Filipino. Ang kakayahan sa paggamit ng teknolohiya ay isa sa mahahalagang kasanayan na kailangan sa ika-21 Siglo Globalisasyon. Magsagawa ng iba pang pag-aaral na may kaugnayan sa mga hamon sa distance learning sa pagtuturo-pagkatuto ng Filipino.

4. Mga sanggunian

- Abad, M. et al. (1996). *Paghahanda ng mga kagamitang pampagtuturo*. Quezon City: Kalayaan Press Marketing Enterprise Inc.
- Ang Konstitusyon ng Republika ng Pilipinas, 1987 Artikulo XIV, Seksiyon 6. Retrieved from <https://www.officialgazette.gov.ph/constitutions/ang-konstitusyon-ng-republika-ng-pilipinas-1987/#edukasyon>
- Arinto, P. (2016). *Issues and challenges in open and distance e-Learning: Perspectives from the Philippines*. University of the Philippines. Quezon, Manila. <https://doi.org/10.19173/irrodl.v17i2.1913>
- Batas Republika Blg. 10533. Retrieved from <https://www.officialgazette.gov.ph/2013/05/15/batas-republika-blg-10533/>
- Batas Republika Blg. 9155. Retrieved from <https://www.officialgazette.gov.ph/2001/08/11/batas-republika-blg-9155/>
- Cantoni, L., & Botturi, L. (2005). *elearning meeting modular education, the case of learning objects*. Deutsches Institut für Internationale Pädagogische Forschung. Frankfurt am Main, Germany. <https://doi.org/10.24452/sjer.27.2.4705>
- Cox, Carolina Benito. (2014). *21st century skills and principles of flow in the foreign language classroom*. (Master's thesis). Brigham Young University. Provo, Portuguese.
- Dangle, Y. R. P., & Sumaoang, J. D. (2005) *The implementation of modular distance learning in the Philippine secondary public schools*. Montessori Class Directress, British International School of Cambodia. Phnom Penh, Cambodia
- DepEd Order No. 008, s.2015. Retrieved from <https://www.deped.gov.ph/2015/04/01/do-8-s-2015-policy-guidelines-on-classroom-assessment-for-the-k-to-12-basic-education-program/>
- DepEd Order No. 012, s.2020. Retrieved from <https://www.deped.gov.ph/2020/06/19/june-19-2020-do-012-2020-adoption-of-the-basic-education-learning-continuity-plan-for-school-year-2020-2021-in-the-light-of-the-covid-19-public-health-emergency/>
- DepEd Order No. 018, s.2020. Retrieved from <https://www.deped.gov.ph/2020/07/20/july-20-2020-do-018-s-2020-policy-guidelines-for-the-provision-of-learning-resources-in-the-implementation-of-the-basic-education-continuity-plan/>
- DepEd Order No. 032, s.2020. Retrieved from <https://www.deped.gov.ph/2020/10/15/october-15-2020-do-032-s-2020-guidelines-on-the-engagement-of-services-of-learning-support-aides-to-reinforce-the-implementation-of-the-basic-education-learning-continuity-plan-in-time-of-covid-1/>
- Marasigan, E. et al. (2018). *Pinagyamang pluma*. Quezon City: Phoenix Publishing House, Inc.
- Opina, A. (2014). *The development and validation of online learning module for college English* (Unpublished Dissertation). Centro Escolar University. Manila.
- Ortiz, A. A. (2017). *Sipat-suri sa paggamit ng Learning Management System (LMS) ng mga mag-aaral ng Elizabeth Seton School sa ikawalong baitang sa asignaturang Filipino*. Elizabeth Seton School. Las Piñas, Manila.
- Petras, J. D. (2012). *E-Filipino: Ang pagtuturo at pagkatuto ng/sa wikang Filipino sa sistemang open and distance learning*. Unibersidad ng Pilipinas-Diliman. Quezon, Manila.
- Presidential Proclamation No. 929 s. 2020. Retrieved from <https://www.officialgazette.gov.ph/2020/03/16/proclamation-no-929-s-2020/>
- Sayaboc, E. V. (2015). *K-12 based worktext in araling panlipunan for grade 9: Its acceptability*. (Master's Thesis). Philippine Normal University. Manila.

- Tejedor, A. S. (2011). *A qualitative case study analysis for a potential model for K-12 professional development using virtual learning environments*. Seton Hall University. South Orange, New Jersey.
- Thapa, M. (2021). *Perception and preference towards online education in Nepali academic setting* (Master thesis). Kathmandu University. Dhulikhel, Nepal. <https://doi.org/10.20944/preprints202101.0482.v1>
- Zamora, N. C. L. (2016). *Pagtataya sa modularisasyon ng K-12 sa asignaturang Filipino: Tungo sa pagbuo ng modelo ng ebalwasyon para kagamitang panturo na tutugon sa ika-21 siglong kasanayan*. Philippine Normal Univesrity.